Pagsikapang Maganap ng Buo

Ang obligasyong binibigay sa'yo ng Dios, dapat pagsikapan mong maganap ng buo.

Kabayong may Prenon

Dapat tayo maging kabayo na minamaneho ni Kristo.

May preno sa paggawa ng masama.

Kahit hindi latiguhin, may kusa.

Alam ang dapat gawin.

Ingatan ang Malinis na Budhi

I-maintain natin ang malinis na budhi.

Iwasan natin ang manloko ng kapwa, mandaya, o mag take-advantage.

Wala sa Letra

May mga aral ang Biblia na hindi letra.

Designation with Supervision

Hindi masamang mag-designate ng trabaho ang lider,

Pero dapat may supervision pa rin.

Walang Kaligtasan

Walang kaligtasan ang lalaban sa aral ni Kristo.

Huwag Matigas, Baka Ma-Stroke

‘Pag naririnig mo ang salita ng Espiritu Santo at ayaw mo pa rin sumunod dito,

Katitigasan mo yan.

Delikado kapag ang puso ay tumigas.

Hindi mo alam, na-stroke ka na pala!

Sa pagtigas ng puso mo, magkakaran ka na ng hatol.

Siguradong Totoo

Kapag ang Dios nagsalita, paniguradong ito’y totoo.

Marunong Magpigil sa Pagsasalita

Dapat marunong tayong magpigil ng ating mga pagsasalita,

Upang maiwasan ang pagkapahamak.

Huwag Patigasin ang Puso

Huwag mong patigasin ang iyong puso sa aral.

‘Pag sinabi na ng Espiritu Santo, sundin mo.

Para sa Tagumpay

Pagpursigihan natin ang pagtatagumpay.

Ang ‘Oo’ ng Kristiano

Sa Kristiano, hindi na kailangan pang sumumpa para mapatunayang totoo ang sinasabi.

Sa Kristiano, ang oo ay talagang oo!

Tutulungan ng Espiritu Santo

Kung matatakot tayo sa Espiritu Santo at iingatan natin ang aral,

Makakaasa tayo ng tulong mula sa kanya.

Dapat Sigurado, Walang Duda

Ang dumagdag sa *oo at hindi* ay sa demonyo na,

Dahil ang pagdududa ay galing kay satanas!

Sinasabi sa Pag-ibig

Ang katotohanan, hindi basta-basta sinasabi ‘yan.

Ang katotohanan ay sinasabing may pag-ibig.

Kung alam mong ikasasama ng kalooban ng kapatid, hindi na ito sasabihin.

Nagpapahalaga sa Espiritu Santo

Ang taong natatakot sa Dios, pinagpapahalagahan ang Espiritu Santo.

Kung Kasama ang Espiritu Santo

Kapag nasa’yo ang Espiritu Santo,

Manalangin ka,

At makikinig sa’yo ang Dios.

May Pataan sa Umiibig

Ang pag-ibig, nag-aantay ng tamang pagkakataon.

May pagpapataan.

Marunong kumarkula sa kakayahan ng kapwa.

Lahat May Kahinaan

Lahat may kanya-kanyang kahinaan.

May Hindi Dapat Sabihin

May mga salitang hindi mo agad dapat sabihin.

Huwag Banggitin o Gamitin sa Walang Kabuluhan

Tatandaan n'yo itong palagi mga kapatid —

Huwag n'yong babanggitin ang pangalan ng Dios sa walang kabuluhan,

Maging sa pagkanta, kung kasama ang pangalan ng Dios,

Dapat 'yung totoo, 'yung nasa puso.

Sabihin at Gawin

Lahat ng sasabihin ng bibig mo, gawin mo.

Upang ikabanal mo ang sinasabi mo.

Huwag Na Lang Kung Hindi

Huwag mo nang sabihin kung hindi mo rin ito magagawa.

Ikasasama mo ito!

Isipin Muna, Kaya Mo Ba?

Karkulahin mo kung kaya mong panindigan ang mabuting gawa na naiisip mo.

At kung alam mo nang magagawa at mapapanindigan mo ito,

Sabihin mo ito at ikapagiging dapat mo.

From Heart to Mouth

One of the heart's outlet is the mouth.

Sinasalita ang Laman ng Pusong

Mag-ingat tayo sa pagsasalita,

Dahil ito ang magpapakilala ng nilalaman ng ating puso.

Katotohanan para sa mga Nagtakwil na ng Kasinungalingan

Ang katotohanan, hindi ipinagtatapat doon sa mga ayaw magtakwil ng kasinungalingan.

Huwag kung Walang Batayan!

Huwag tayong masanay maniwala sa mga bagay na walang batayan.

Kung Mapatunayan Mo Nang Totoo

Kung makita mo na, at mapatunayang ito nga ang totoo,

Magpakatibay ka na!

Tapat sa Kapatid sa Iglesia

Maging tapat tayo sa kapwa kapatid natin sa Iglesia.

Pagsasalita ng Kasinungalingan

Ang kasinungalingan ay pagsasalita ng mga bagay na *pabor* para sa'yo.

Huwag na Huwag Mapoot sa Kapatid

Sa mga may poot sa kapatid, ngayon pa lang hinahatulan na.

Wala na silang buhay na walang hanggan!

Mga Ayaw Pasakop, Makalaman!

Ang mga napopoot sa pagkasakop ay silang

ayaw pasakop sa aral,

ayaw pasakop sa mangangaral,

mga mahilig sa kalayawan,

mga makalaman!

Ang wakas ng mga ito, walang kaligtasan!

Huwag Makasarili

Kapootan mo ang sarili mo kung ang gusto mo lang ay para sa sariling kapakinabangan.

‘Yung Ginawang Mali, Hindi ‘Yung Gumawa ng Mali

Kinapopootan ng Dios ang mga gawang mali.

Hindi ‘yung taong may ginawang mali.

Anong Kulay Mo?

Sa buhay na ito, dapat ipakilala mo ang kulay mo – kung sa Dios ka ba o sa masama.

You have to take your stand!

Kumampi sa Katuwiran

Kumampi tayo sa katuwiran, hindi sa kamag-anak.

Ang Gawang Mabuti ay ...

Ang mabuti ay isang gawaing inumpisahan, pinagplanuhan, pinanukala, at tinapos!

Galit sa Masama

Maling pag-ibig ang hindi napopoot sa masama.

Huwag tayong basta tatahimik lang.

Magpakita tayo ng poot sa gawang masama!

Wala tayong doktrina na kahit pinapasama na ang katuwiran ay di pa rin tayo kikibo!

Choose Your Side

Take your stand! Saan ka ba talaga?

Ayaw mong lumaban sa diablo pero ayaw mo ring pasakop sa Dios?!

Huwag Hatulan ang Sinasang-ayunan

Huwag mong hahatulan ang sinasampalatayanan mo.

Huwag sa Talikuran

Ang taong hindi ka masabihan ng masasamang bagay tungkol sa 'yo

Sa harapan, kundi sinasabi sa'yo sa talikuran

Ay isang taong walang paninindigan.

Hindi Kabawasan

May nagkasala mang isang kapatid sa Iglesia,

Hindi pa rin nababawasan ang pagiging totoo ng Iglesia.

Proud to be a Christian!

Kahit sa gitna ng sanglibutan,

Ipagmalaki nating tayo'y Kristiano!

Hindi Dahilan ang Trabaho

Basta't hindi lang malapastangan ang aral ng Dios,

E ano ngayon kung mawalan ka ng trabaho?

Hindi dahilan ang trabaho para hindi tayo makasunod sa aral ng Dios.

Ang Taong Grasa at Taong Mayaman

Ang mga taong grasa nga, nabubuhay kahit walang kayamanan!

Samantalang ang mga mayayaman, maulanan lang, nagkakasakit na!

Talagang totoo ang sabi ni Kristo:

“Ang buhay ng tao ay hindi dahil sa kasaganaan ng tinatangkilik niya” .

Maraming Hindi Matutuwa

Sa'ting mga naglilingkod sa Dios,

Huwag nating aasahang marami ang matutuwa sa atin.

Dahil ang buong sanglibutan ay nakasalig sa masama.

ADD Virtue to Faith

We must always be progressive in faith.

Papaano?

Idagdag natin ang kagalingan sa pananampalataya.

Maging magaling tayo sa pag-awit kung tayo ay mang-aawit.

Tuparing Buo

Tuparin natin ang buong utos.

Ginagawa mo nga ang iba, pero mayroon ka namang hindi ginagawang isa,

Nagkakasala ka na sa lahat!

Completeness

Ang lahat ng kabutihan ay may kabuuan.

Makitang Buo

Malaking kapalaran ang makita ang buong liwanag.

Ang Mabuting Mata

Ang may mabuting mata, nakikita ang mabuti.

Dapat ang ating mga mata ay maging gaya ng bulag na pinadilat ni Kristo.

Ang hinahanap ay buti lamang.

Huwag Hanapin ang Mali sa Kapwa

Mag-ingat ka sa kasamang hinahanap ang pagkakamali ng iba.

Masamang tao ‘yun.

Nagiging Liwanag

Ang liwanag ay hindi katutubong bahagi ng tao.

Ito ay unti-unting nabubuo bunga ng kabutihan, katotohanan at katuwiran.

In Obeying God's Law

You can use your own

strategies,

intelligence,

abilities,

your time, and your

heart

in obeying God's law.

Not False Hope

Ang Dios hindi nagbibigay ng maling pag-asa.

Si Lazaro at ang Mayaman

Ang kuwento ni Lazaro at ng mayaman ay nagpapakita ng hustisya ng Dios.

Mas Mabuting Gantingpala

Isipin mong kaya ka nahihirapan ngayon

Dahil may mas mabuting bagay na nag-aantay sa'yo sa langit.

Huwag Magpakasamang Lubha

Kung lingkod ka ng Dios, hindi *por que* nakagawa ka ng masama

Ay magpapakasama ka nang lubha.

Ang Idalangin Mo

Don't wish it was easier, wish you were better. Don't wish for less problems, wish for more skills.

Don't wish for less challenge, wish for more wisdom.

Huwag nating ipanalangin na mabawasan ang ating pasan.

Ang hingin natin ay tulungan nawa Niya tayong magpasan.

Think Positive

You are what you think.

'Pag iisipin mong mahina ka,

Manghihina ka talaga n'yan.

Back to Basic

Balik tayo sa basic!

“Walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Kristo.”

Unaffected

Kung may problema ka,

Huwag mong hayaang maapektuhan ang pananampalataya mo.

Hindi ka makakabangon n'yan kung sa gitna ng problema mo ay papabayaang mo ang tungkulin mo.

Booster 'yan.

Kapag naapektuhan ng problema ang paggawa ng tungkulin, hahatakin ka n'yan pababa.

May problema ka?

Harapin mo.

Pero hindi dapat 'yan ang makapagpahiwalay sa'yo sa pananampalataya mo.

Hindi 'yan ang makakapagpahina sa'yo.

3 Basic Causes of Man's Fall

Ito ang tatlong (3) basic na ikinababagsak ng tao:

Pagmamahal sa sarili (*egocentric, di pagtangga sa sarili*) (e.g. Cain) ,

Pagmamahal sa Materyal na bagay o pera (e.g. *Binatang mayaman*), o

Pakikinig sa tinig ng iba (e.g. *asawa, babae*) maliban sa Dios (e.g. *Solomon*).

Si Job, pasado sa 3 ito, kaya siya naging dapat sa Dios.

Kaya itong tatlong ito ang ginamit ni satanas na pangsubok kay Job.

Kasi ito ang 3 best blow nya!

Kung malagpasan mo 'yan, Panalo ka na!

May kasama ka ba namang DIOS, e!

Saan Ka Patungo?

Ang isang lider, dapat alam kung saan s'ya patutungo.

At malaman din ng mga inaakay nya kung saan sila patungo.

Creativity Bounds

Huwag tayong malimitahan ng mga bagay na nakikita lang natin.

Pwede naman tayong maging creative basta't hindi lalabag sa rules o aral.

Motivated by Faith

Tuwing tatayo tayo sa harap ng mga kapatid para umawit,

Dapat hindi tayo motivated para maging sikat ka, o para hanapin ang crush mo, o dahil sa may nakakakita, o para lang sa kung ano mang bagay.

Dapat motivated tayo ng faith.

Na ang ginagawa nating iyon ay magdadala sa atin sa kaligtasan.

Inspired by Christ

Pag mataas ang moral mo,

Ganado ka sa paggawa ng tungkulin. Inspired ka.

Pero dapat tama ang inspiration mo.

Dapat si Kristo!

Patibayin ang Grupo

Dapat, ang aim natin sa grupo ay

Hindi lamang ang magpadami ng miyembro,

Kundi patibayin din ang pundasyon ng grupo.

Positive, Negative

‘Pag may gagawin tayong isang bagay,

Huwag nating tignan ang negative side,

‘Yung positive ang tignan natin.

Basta Utos ng Dios

Naiintindihan man natin o hindi,

Ikabubuti natin ang utos ng Dios!

Walang utos ang Dios na walang dahilan.

Happy Christians

Hindi mahirap maging maligaya.

‘Pag lingkod ka ng Dios, pinipighati ka man,

Masaya pa rin.

Hindi ‘Kapalmuks’

Isang asset ng naglilingkod sa Dios

Ang pagiging mahiyain.

Literal to Spiritual

Kay Kristo, ang literal naiko-convert sa espiritwal.

With the Help of Christ

Kay Kristo, kahit hindi pwede, Pwede ‘yun!

Spiritual and Heavenly

Kung ang gagastusan natin ay si Kristo,

Huwag tayong maghinayang.

Espiritwal ‘yun e!

It pertains to something heavenly.

Mahal ng Dios

Mahal ng Dios ang nagtitiwala sa Kanya.

Makikita sa Gawa

Ang pagiging kapatid sa Dios, nagma-manifest sa gawa niya.

Huwag Itakwil Agad

Maging mapagpataan tayo sa mga nagkakasala sa atin.

Huwag ‘yung itatakwil natin sila agad!

Paggawa ng Alagad

Kung ikaw ay alagad, makakagawa ka din ng alagad.

Sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng pagbabago sa iyong sarili.

Mahalaga ang Buhay Kung ...

Kaya lang nagiging mahalaga ang buhay kapag ginagamit mo ito sa paglilingkod sa Dios.

What is your Profession?

Ang tungkulin sa Iglesia ay isang propesyong walang sinomang taong makakapagpaalis sa'yo.

Mabuhay sa Pagtitiis

Pagsikapan nating mabuhay sa pagtitiis.

Worthy Until Eternity

Gamitan natin ng panahon ang salita ng Dios at hindi tayo magsisisi.

Dahil magagamit natin ito hanggang sa walang hanggan.

Huwag Matakot

Anong magagawa sa'tin ng kaaway na ikasasama natin?

Dios ang bahala!

Cannot Be Obstructed

The people of God cannot afford to be embarrassed,

When it comes to the word of God.

Tatak ng Masama

Huwag nating hayaang magkaroon tayo ng tatak ng pagiging masama.

For Our Own Sake

Pagsikapan nating makapanatili sa pagkatawag sa atin.

It's for our own sake.

Madidiwaan Mo

Sa pamamagitan ng pakikihalubilong palagi sa mga kapatid,

Makakadama ka ng espiritu.

Malalaman mo kung sino ang may laban o wala.

Si Malakas at Si Mahina

Sa mga malalakas —

Hatakin natin 'yung mahihina.

Sa mga mahihina —

Huwag naman kayong magpatihulog.

Mahirap din ang manghatak!

Paano Magpapatuloy?

Pag-aralan natin kung papaano —

Hindi lamang ang mag-umpisa,

Pati kung papaano ang magpatuloy!

Piliin ang Hindi Makakahadlang

Kung dumating man ang oras na kailangan nating mamili,

Isipin natin kung alin ba sa dalawa ang makakahadlang sa tungkulin natin.

Tapos *i-drop* mo kung ano yung makakahadlang na 'yun.

It's Tough

If your enemy is a tough enemy, he will not let you go on smooth sailing.

And this is imperative in order to achieve salvation.

Pinagsasanayan

Ang kabanalan, pinagsasanayan 'yan.

Ayaw Pang Magpatulong

Walang kasing sama ang isang tao na *helpless* na nga e,

Ayaw pang humingi ng tulong sa Dios!

Pinapaalam sa Atin

Ang Dios, pinapaalam sa atin ang ating mga pagkakamali sa pamamagitan ng maraming bagay. (*sakit, problema, etc.*)

Umuunawa ng Kapwa

Ang matuwid na hukom, marunong umunawa ng kapwa.

Marunong Tumimbang

Dapat marunong tayong tumimbang ng mga bagay.

Ibatay natin sa sitwasyon.

Check Ourselves

Ang paghatol, gawa ng Dios 'yan.

Para i-check din natin ang ating mga sarili.

Hahatol Tayo

‘Pag hindi tayo hahatol,

Hindi tayo karapat-dapat sa buhay na walang hanggan.

Your Thought, Your Destiny

Your thoughts determine your destiny.

Contributing to Salvation

Dapat lahat ng gagawin mo contributory factor para sa ikaliligtas mo.

Hindi dahil sa kung ano pa man.

May Marapat na Pagtitiis

Nagtitiis ka man, kung mali naman ang motibo, wala ring kwenta!

Gagantihin Balang Araw

Ang ipinagkait sa atin sa mundong ito ng mga makapangyarihan, ng mga mayayaman...

Ay gagantihin sa atin ng Dios balang araw.

Hustisya ng Dios

‘Yan ang hustisya ng Dios. Walang pinipili kahit sino!

Mahirap Man, Giginhawa Din

Mahirap man ang buhay dito sa mundo,

Magkakaroon din naman ng kaginhawahan sa buhay na darating.

Huwag Mawalan ng Pag-asa

Huwag lang mawawala sa atin ang pag-asa,

Gaya ng pag-asang na kay Lazaro.

Enough Reason to Give Thanks

Mahirap man tayo, maswerte pa rin dahil —

Nasumpungan natin ang lingap ng Dios. At kasama ka sa mga napili Niya.

Sapat na dahilan na ‘yan para magpasalamat tayo sa Dios.

Mas Mahalaga ang May Pag-asa

Kahit wala tayong laman ang bulsa, pati laman ang tiyan,

Mas mahalaga pa rin na mayroon tayong lamang pag-asa sa puso.

God Knows Best

Alam ng Dios ang pinakamabuti para sa atin.

Kung nakikita Niyang ikasasama natin ang pagyaman,

Hindi Niya iyon ipapahintulot.

Isang paraan din ‘yun ng Dios upang

Makapanatili tayong mababa ang loob at patuloy na tumawag sa Kanya.

The Highest Form of Prayer

Ang pag-awit ang pinakamaatas na antas ng panalangin. (Awit 40:3)

Greater Life to Come

Hindi ang *buhay na ito* ang dapat nating pag-ubusan ng panahon.

May darating pang *buhay sa susunod*.

Doon tayo umasa ng kaginhawahan.

Modest Life

Gusto mong maabot ang kasakdalan?

Mabuhay ka ng simple.

As modest as it can be.

Kahit Maliit ‘Yan, Hadlang Pa Rin

Ang maliit na gagawin nating mali, kahit maliit yan,

Makakahadlang ‘yan sa malaking karunungan dala natin.

Pagsasalitang Walang Daya

Kung gusto nating makakita ng *buhay*,

Kailangang ang pagsasalita natin walang dungis, walang pandaraya (*sa tatay mo, sa asawa mo*) sa kahit kanino.

Lalo na sa kapatid sa Dios!

Small Lies, Big Lies

May kapahamakan ang pagiging sinungaling.

Kung ang akala ng iba, ang maliit na pagsisinungaling ay ayos lang — Hindi!

Isa ‘yang mikrobyong ikapapahamak ng kaluluwa mo!

Huwag ‘yung makapagsalita lang tayo ng masarap sa pandinig ng ibang tao.

Mula sa Maliit, Lumalaki

Huwag nating hayaang maimpluwensyahan tayo ng maliliit na lalang ng demonyo.

Patayin natin ‘yon!

Ang nagnanakaw ng piso, magnananakaw na ‘yan ng P100!

Akala ng iba, ang pag-umit ng ballpen ay maliit na bagay lang.

Darating ang oras, mahigit pa sa ballpen ang kukunin n’yan!

Walang Hanggang Awa ng Dios

Ang awa ng Dios, hindi nauubos para sa Kanyang mga anak.

Pero huwag naman nating aabusuhin.

Perfection is Loving Your Enemies

Gusto nyong maging perpekto tayo?

Ibigin natin ang ating mga kaaway.

‘Pag nagawa natin ito,

Magiging anak tayo ng Ama sa langit!

Learning to Love Those Who Hates You

Saan nasusukat ang kasakdalan?

Kapag natuto ka nang magmahal sa mga hindi nagmamahal sa’yo.

Tapusin ang Sinimulan, May Awa ang Dios

Walang kwenta ang simula kung hindi tatapusin.

Lahat ng pinasimulan mong mabuti, ituloy mo!

May awa ang Dios!

Towards Perfection

Kung tayo'y magtutulong-tulong,

Hindi mahirap maging perpekto.

Do It as a Group

Gusto mong maging perpekto?

Let us do it harmoniously as a group!

Mahirap kapag isa ka lang.

Basa!

Ang pananampalataya,

Nakukuha din sa pagbabasa.

Huwag Ikahiya

Kung nagbabata kang gaya ng isang Kristiano – *itinatakwil ka, kinasusuklaman, inaalimura....*

Huwag kang mahiya!

Kung ang mga tao sa *labas*, hindi nahihiyang gawin 'yung mga masasamang gawain,

Mas lalong hindi natin dapat ikahiya ang pagsunod sa aral ni Kristo!

For Justice

Magising tayo sa katuwiran.

Mabuhay tayo sa katuwiran.

At mamatay tayo sa katuwiran!

Narcissism, Egotism

Masama sa tao ang masyadong mahal ang sarili.

Not Enough

Our lifetime is not enough to serve the greatness of the Lord!

More Than Willing ... Until Eternity

We should be more than willing to work for the LORD until eternity.

Pagdami ng mga Manggagawa ng Dios

Ang pag-asa ng ikasasakdal ng mga kapatid

Ay nasa pagdami ng mga manggagawa ng Dios.

Pagkatakot, Pagsunod

Ang pagkatakot sa Panginoon ay 'yung pagsunod sa utos,

May nakakakita man o wala.

Huwag Diktador

Ang pagiging diktador ay trabaho ng walang pag-ibig .

Law of Liberty

The perfect law of faith is liberty.

Hindi tayo pinipilit.

Diwa ng Pagkukusa

Nasa diwa ng Dios ang pagkukusa.

Not Reckless

Dapat *cautious* ka kung Kristiano ka.

Hindi *reckless* ang mga anak ng Dios.

Ang Dapat Panaligan

Manalig tayo sa salita ng Dios, hindi sa kahit kanino lang.

Appreciate Eternal Life

Dapat maramdaman mo ang *buhay na natatapos*,

Para ma-appreciate mo ang *buhay na hindi natatapos*.

A Prayerful Life

Kung gusto mong ingatan ka ng Dios,

Huwag kang makalimot manalangin – *umaga, gabi, bago kumain...*

Let us live a prayerful life!

Nothing to Fear

Mga anak ng Dios:

“You have nothing to fear”.

Hindi Lalayas

Ang anak ng Dios, palayasin mo man sa Iglesia,

Hindi lalayas.

Hindi Tanga

Hindi ka magiging tanga,

Sumampalataya ka lang!

Ample Time to be Righteous

Gusto mong magpakatuwid?

You will be given ample time to be righteous.

God is Fair to All

God is fair to everybody.

Even to those who doesn't recognize His being.

Kusang Pagsunod

Magkusa kang sumunod.

‘Yun ang ihahatol, e.

Hindi yung ipinilit sa’yong gawin mo.

Kautusan ng Kalayaan

Kautusan ng kalayaan ang tawag sa kautusan ni Kristo.

Tanggalin ang Extra Load

‘Pag nabibigatan ka sa paglilingkod mo, ibig sabihin may extra load ka.

Kung kautusan lang kasi ni Kristo, hindi ‘yun mabigat.

Ano ba ang mga load na ‘yun?

Kasalanan!

Tanggalin natin ‘yang extra load na yan!

Pagkukusa Ayon sa Kalooban ng Dios

Ang pagkukusa, dapat laging nakadugtong sa utos at sa kalooban ng Dios.

Para ‘wag tayong matawag na pangahas.

Kaya Pala

Ang Kristiano, hindi talaga ‘yan pinapansin ng mga taga labas.

Panlaban sa Gusto ng Laman

Kung parang nananaig ang gusto ng laman mo kaysa sa gusto ng Espiritu,

Ang panglaban dyan, bukod sa aral ng Dios,

Ay panalangin at paghingi ng katulong na Espiritu.

Makinig, Makinig

Gusto mong lumakas ang pananampalataya mo?

Makinig ka nang makinig.

Konsiderasyon Sa Mga Anak

Lahat ng tao nagkakasakit.

Pero pwedeng magbigay ang Dios ng konsiderasyon sa Kanyang mga anak.

Apart From God, We Can't

It is beyond human's capability to attain salvation apart from the ways of God.

Sabay na Pagtuturo

Sa mga magulang:

Habang pinag-aaral mo ang anak mo sa school,

Sabayan mo ng pagtuturo ng aral ng Dios.

Para hindi mapahiwalay, pagsabayin mo —

Karunungan ng Dios at ng sanglibutan.

Pagpapakabanal = Pagsunod kay Kristo at sa Dios

Kung gusto mong magpakabanal kay Kristo,

Hindi yun pang isang linggo lang.

Dapat pang habang-buhay!

Paano?

Sumunod ka sa Dios sa bawat araw na ibinibigay sa'yo!

Mula Umaga Hanggang Gabi

Punuin mo ang araw mo ng mabubuting gawa.

Mula sa pagkagising sa umaga hanggang sa pagtulog sa gabi.

A God-given Chance

'Pag may pagkakataon kang gumawa ng mabuti,

That is a God-given chance.

Walang Karapatang Mapagod ...

Wala tayong karapatang mapagod sa paggawa ng mabuti.

Do Not Ignore God

Ang pagkakataong gumawa ng mabuti,

Bigay 'yan ng Dios, not by chance.

Itinalaga 'yang oras na 'yan para makagawa ka.

'Pag pinalampas mo 'yan, ibig sabihin

Inignore mo ang Dios!

Malaking kalapastanganan yan sa Dios!

Something Good is Set by God

Something good is:

planned,

rehearsed,

taught,

instructed,

learned, and

doesn't come by chance.

It is set by God.

Ganda ng Puso, Ganda ng Mukha

Ang ganda ng puso ng isang tao nagma-manifest sa kanyang mukha.

Laging May Tinitiis

Ang Kristiano laging may tinitiis.

Christian Perspective

Let us look at things in the perspective of a Christian.

Kabahagi sa Hirap ni Kristo

Sa pagtitiis natin, nagiging kabahagi tayo sa hirap ni Hesus.

No Fear!

Prinsipyo ng Kristiano: "Huwag matatakot sa kaaway".

Hindi Magagalitin

Ang taong maka-Dios,

Malaman man n'ya ang mali n'ya,

Hindi magagalit.

More Enemies to Come

‘Pag tao ka ng Dios, don’t expect to gain friends. Hindi.

Dadami pa nga kaaway mo.

Ingatan ang Pananampalataya

Ang pananampalataya, iniingatan.

Bahagi ‘yan ng tungkulin ng isang Kristiano.

So, what?

Kung may nagre-reject man sa atin,

It’s just a matter of opinion.

Gulangan Din ‘Yan

Sa pakikipaglaban sa demonyo,

Hindi lang dapat lakas ang gamit mo.

Dapat, magulang ka din!

Naghahanap nang Maidadamay

Nakatakda na kung sino ang mananalo sa laban ng mabuti at masama.

At alam na ng diablo na siya ang talo.

Kaya’t gusto n’ya tayong maisama sa pagkatalo niya.

Ang Pangunahing Sandata sa Labanan

Salita ng Dios ang panghawakan natin.

Ito ang pangunahing sandata natin

Kaya tayo mananaig sa pakikipaglaban sa kaaway.

A Bad Sign

Masamang palatandaan ‘yung:

Mas gusto mo ang tsismis

Kaysa sa salita ng Dios!

How To Win The Battle

Trust in God and we will win this war!

All necessary equipment was prepared by God.

Regular Assessment

Lagi nating tanungin ang ating mga sarili:

Nasa tama pa ba tayo?

Naaayon pa ba sa aral ang ginagawa natin?

Let's have a regular personal assessment.

Pagsukat ng Spirituality

Ang Spirituality natin ay nasusukat kung papaano natin ginagamit ang mga materyal na bagay sa atin.

Basta Mabuti, Gawin Mo Na!

Anomang mabuting bagay na pwede mong gawin, sa kahit anong aspeto,

Gawin mo na!

Holiness is an Exact Science

Holiness and following His will is an exact science.

Hindi tayo mangingapa.

Pasalamat at Pagkakatipon

Hindi sapat na dahilan ang panganib,

Para mahadlangan tayo sa pagpunta sa Pasalamat at mga Pagkakatipon.

Huwag Bigyang Daan Ang Kaaway

Dapat gawin nating maganda ang approach sa kapatid.

Huwag nating bigyan ng daan ang kaaway.

May Paghuhukom!

Kung naaapi ka man ng marami o kahit kaunti —

Tandaan mo: May Paghuhukom!

Masikap, Pursigido

Ang pinuno dapat masikap. Mapag-pursige.

Huwag Pakialamero

Huwag nating pakialaman ang private affairs ng iba.

Don't Waste Time

Ang Kristiano ay isang taong —

Hindi pinag-aaksayahan ng panahon ang gawa ng masama.

Kasama Mo

Sa Iglesia, hindi mo pwedeng piliin ang makakasama mo.

Gawan ng Paraan

Kung gusto nating gawin ang isang bagay na mabuti,

Gawa tayo ng paraan!

Magkakaisa, Iisa

Kung mayroon tayong iisang layunin, iisang objective —

Magkakaisa tayo!

Diwang Tiktik

‘Yung diwa na ayaw makipagbuklod, ayaw makipagtiis —

‘Yun ang diwa ng *tiktik!*

Come Up With a Solution

Sa kahit anomang problema o hirap,

Always come up with a solution.

Magkakaisang Magtagumpay

Tandaan natin sa ating paglilingkod,

Dapat makipagkaisa tayo.

Upang pare-pareho tayong magtagumpay.

Talagang Laging May Kontra

Sa paglilingkod sa Dios, laging may kontra.

Huwag Paurong

‘Yung mga bagay na dapat itama, itama na natin!

Huwag nating pabayaang ganyan-ganyan na lang.

Magpatuloy tayo sa kasakdalan

At huwag tayong lumakad ng paurong.

Huwag Hatulan ang Sarili

Kung nakakagawa ka ng masama, hanapin mo sa iyong budhi

Kung ito ba ginagawa mong may kasamaan?

Kung hindi,

Huwag ka mawawalan ng pag-asa

Huwag kang magpatalo sa kaaway.

Lumapit ka sa mga kinauukulan.

Huwag mong hahatulan ang iyong sarili.

Pang-unawa sa Salita ng Dios

Ang “pang-unawa”, isa sa mga pinakamahalagang bagay sa buhay.

Pag nakuha natin ang pang-unawa sa salita ng Dios,

Hindi na mahirap unawain ang ibang mga bagay.

God is the Best

We have no right to ask the integrity of God.

We should understand that what God has done is the best.

Pagpapatawad

Walang masamang epekto ang pagpapatawad.

Mag-Aspire Tayong Gumaling

Mag-aspire tayong gumaling.

Hindi naman ‘yan para sa sarili mo.

Kundi sa enhancement ng paglilingkod mo.

Hanggang D’yan Ka Na Lang Ba?

Don’t be satisfied kung ano lang ang nasa’yo,

Hanggang d’yan ka na lang ba?

Maghangad ka pa ng mas mataas d’yan!

Ayusin Muna ‘Yung Ngayon

Kung meron kang isang bagay na gustong gawin,

Ayusin mo muna itong ginagawa mo ngayon.

Step by Step

Kung gusto mong makahakbang ng isang step pataas,

Ayusin mo muna yung mga step sa ibaba.

Sa Pagkuha ng Bagong Tungkulin

Kung kukuha ka ng *ibang bagay* na gagawin,

Siguraduhin mo munang maayos mong nahahawakan ang *tungkulin mo ngayon*.

Hindi Umaatras

Ang matiyaga hindi umaatras, kundi nagpapatuloy.

Patience and Perseverance

Patience and perseverance in doing what is good is a way of looking for immortality.

Holiness

Holiness is the patience of doing good.

Commitment

Commitment is the enemy of resistance.

Committed sa Paggawa

Ang taong committed sa paggawa,

Gumagawa ng paraan para malagpasan

‘yung pumipigil sa kanyang paggawa.

Parallelism

Sa paglilingkod sa Dios, pwede mong hanapan ng parallelism sa ibang bagay

Para mas makita mo ang kahalagahan nito.

Gaano ka-importante sa’yo ang pamilya mo?

Ang trabaho mo?

Ang pag-aaral mo?

Timbangin ang Mahalaga

‘Yung pagpapahalaga natin sa mga bagay sa mundong ito,

Nagagawa rin ba natin ito sa paglilingkod natin sa Dios?

Timbangin natin.

Para Hindi Ka Madaya

Sa paglilingkod sa Dios, Dapat matalino ka rin.

Kasi gumagamit ng katalinuhan ang kaaway,

Gumagamit siya ng deception.

Kahit Gaano Ka Pa Kagaling

Kung wala kang kasamang Kristo, kahit gaano ka kagaling,

Hindi mo magagawa ang pinapagawa sa'yo. Wala rin 'yang kwenta.

Prayer Helps

Kung wala kang pera,

Sa panalangin makakatulong ka.

Gumawa Ayon sa Katuwiran.

Gumawa tayong lahat.

Magpagod at magpakapuyat tayo ng ayon sa katuwiran.

Let's Do Our Best

Let us all do our best.

At makikita ninyo kung papaano titibay at lalaki ang Katawan.

Dios ang Gagawa

Dios ang gagawa.

Makita Niya lang tayo na kumikilos at gumagawa.

Sumampalataya lang tayo.

Hindi Niya tayo pababayaan.

Virtue: “Always Ready!”

“Pagiging Laging Handa” — isa sa mga pinakamagandang virtue.

Para Mas Maraming Maligtas

Dapat busy tayo sa paghahanap ng paraan para mas maraming maligtas.

Helping Hand

A hurting person needs a helping hand,

Not an accusing finger.

Maliban Kung Hiwalay kay Kristo

Gusto man nating gumawa, kung hiwalay naman tayo kay Kristo,

Wala tayong magagawa.

Tinawag Para Gumawa

Lahat ng tinawag sa Iglesia ng Dios, gagawa!

‘Yan ang layon kaya tayo tinawag.

Lalo na kung Umaawit ng Papuri sa Dios

Kung ang mga awit para sa bansa, o sa iniibig

Ay nakakapagpabagbag sa *kanila*,

Mas lalong dapat tayo sa pag-awit ng mga papuri sa Dios.

Pahalagahan ang Bawat Ginagawa

Huwag nating balewalain ang lahat ng mga ginagawa natin.

Hindi lang sa *teksto*, kahit sa pag-awit lang —

Napakaraming bagay na ang dapat nating maramdaman at matutunan.

Tutulungan ng Salita ng Dios

Ang salita ng Dios na lagi nating naaalala,

‘Yun ang magiging tulong natin sa tuwing napipighati tayo o nahihirapan.

Walang Makakapagpatigil

Dapat,

Walang amount ng paninira

Ang makakapagpatigil sa atin.

Paninira, Nakakasira

Mag-ingat kayo sa mga paninira.

Nakakasira ng espiritu ‘yan.

Ingatan ang Malinis na Espiritu

Ingatan nating laging malinis ang espiritu natin.

Huwag tayong papayag madumihan.

Pwede kasing madumihan yan!

Walang Makasundo

Ang taong walang makasundo, Mahirap makasundo.

May Mas Dapat Paggastusan

May mas dapat paggugulan ng pera kaysa sa pagkain.

Masasarap na Pagkain

It is not within our means na kumain ng masarap,

Kung may mga kapatid na di halos kumakain ng tatlong beses sa isang araw.

Injustice ‘yan!

Huwag Manghinayang

Kung may kinalaman sa kaluluwa,

Huwag tayong manghinayang na gumugol.

Ang Dapat Paggugulan

Bakit tayo gugugol sa pagkaing napapanis?

Paggugulan n’yo ‘yung mga bagay na pang-langit.

At nasa’yo ang buong pagsang-ayon ng Dios ng langit!

Pag Natiis Mo Ang Tukso ...

Darating talaga ang tukso.

At payag ang Dios na tuksuhin ka.

Bakit?

Para patibayin ka!

Dahil ‘pag natiis mo ‘yan,

Tatanggap ka ng putong ng buhay.

Huwag Mong Pansinin

Hindi masama ang tukso, tiis lang.

Tingnan mo, lalayuan ka ng tukso!

Tatantanan ka ng demonyo kapag hindi mo s’ya pinansin.

Hindi Tayo Talo

Marami mang kapighatiang dumadating, hindi pa rin tayo talo.

May magandang darating para sa mga lingkod ng Dios.

Overcome Your Fears

Hindi mahalaga ‘yung takot na nararamdaman mo,

Kundi kung papaano mo na-overcome yung takot mo.

Samantalahin ang Pagkakataon

Ang pagkakataon, sinasamantala yan sa mabuti.

Be a Defensive Driver

Ang isang lingkod ng Dios,

Dapat maging isang defensive driver.

Para ‘pag may nakakasalubong kang reckless driver,

Alam mo kung saan dadalhin yung manibela.

Don't Quit

Rest if you must but don't quit!

Magsalita Ka Na!

Kung may nakikita kang mali sa mga kasama mo,

Magsalita ka na!

Lahat Para sa Ikabubuti

Let us stick to the principle:

Lahat ng bagay ay nangyayari para sa ikabubuti ng mga lingkod N'ya.

Pumanig sa Magtatagumpay

Alam mo na ngang talo ang masama sa huli,

‘Yan pa rin ang pipiliin mo?!

Bakit ka lalagay sa hanay ng talunan?

Alam mo namang magtatagumpay ang mabuti sa huli!

Kung matalino ka,

Papanig ka sa side ng magtatagumpay!

Pumanig sa Mabuti

Pumanig tayo sa mabuti — kahit na mahirap.

One Faith

Ang Kristiano,

Hindi malaya sa sariling pananampalataya.

We have one faith!

My faith must be your faith.

Handa sa Pagdating ni Kristo

Gusto mong maghanda sa pagdating ni Kristo?

Alisin mo yung mga dating gawain mong masama.

Give Thanks To Our Creator

If you recognize the goodness of your Creator,

The first thing you will do is give thanks.

Freewill is God's Gift

Freewill ang isa sa pinakamabuting kaloob ng Dios sa tao na Kanyang nilikha.

Through it, we can make things worth appreciating to God.

Malaya, Hindi Pakawala

Sa Iglesia, malaya tayo, Pero may limitasyon.

Hindi natin pwedeng gamitin ang ating kalayaan

Upang bigyang daan ang laman.

Dahil Gusto Mo

Sa kautusan ni Kristo,

Susunod ka dahil gusto mo,

Hindi dahil natatakot ka.

Magbilang

Sa pagbilang natin ng mga araw,

Dapat bilangan mo rin kung anu-ano na ang mga nagawa natin.

Humiwalay Ka sa Masama

Pag humiwalay ka sa masama,

nagpapakita lang na gusto mo ng kabutihan.

Live In Spirit

We should live in spirit, not like others living in the flesh.

Handa sa Paggawa

Ang pagiging handa sa paggawa ng mabuti, tatak yan ng pagiging sa Dios.

Makonsiderasyon, Hindi Mapanggipit

Dapat marunong tayong magbigay ng konsiderasyon sa kapatid sa Dios.

Huwag tayong maging mapanggipit sa kapatid!

Itangis Mo Sa Dios

Kung mayroon kang problema;

sa gabi...

sa panalangin mo...

Itangis mo lang yan sa Dios.

Ipalagay na Mas Mabuti

Ang masamang akala sa kapatid,

Trabaho 'yan ng hindi kumikilala sa Dios.

Ipalagay nating mas mabuti ang kapatid sa atin.

Hayaan Mo Lang Sila

Iniiwasan ka ng mga taga-labas?

Hayaan mo lang sila.

Wala ka namang magagawa doon.

Nakasulat naman yan sa Bibliya.

Huwag Lumaban sa Aral

Be as happy as you can.

Huwag lang kayong lalaban sa aral.

Huwag Hihiwalay kay Kristo

Kung ang asawa mo, ihihiwalay ka kay Kristo,

Huwag kang papayag!

Sayang ang pagkalalaki mo!

Mas Magaang Kung Iuukol sa Dios

Sa paglilingkod,

Makakaramdam ka ng kaunting kagaanan

Kung bibigyan mo ng perspektibong sa Dios.

(Tulad ng panonood ng mga palabas o movies)

Isipin mo kung papaano mo ito magagamit sa paglilingkod mo.

Magtiis sa Tungkulin

May mga bagay na dapat tayong tiisin.

Dahil meron kang responsibilidad.

May tungkulin ka.

Tiis Lang, Mas Higit ang Kapitalit

Kahit marami tayong tinitii, huwag tayong titigil.

Ang isipin natin,

Mas malaki ang kayamanang nag-aantay sa atin

‘Pag nakapagtiis tayo.

Huwag sa Paraan Natin

Huwag nating gawin ang mga bagay sa paraan natin,

Kundi gawin natin sa paraan ng Dios.

Kaya Natin ‘Yan

Huwag nating titingnan ‘yung mga bagay na dapat nating tiisin;

‘yung mga daang dadaanan natin,

Kasi ‘pag nakita mong mahirap ang dadaanan mo

Mapapagod ka na...

masisiraan ka ng loob...

titigil ka.

Kundi ang isipin natin ...

Kaya nating lampasan ‘yan!

Utilize our Potentials

Meron tayong pwede ma-utilize sa pagkatao natin

para makatulong sa mga paggawa natin.

Kahit Mahirap, Basta May Takot sa Dios

Kahit mahirap ang tao,

hindi gagawa ng masama

kung may takot sa Dios.

Asin Ka Ba? Manghawa Tayo!

Tuparin natin ang tungkulin natin na pagiging

Asin ng sanglibutan. Manghawa tayo!

Anak ka? Paalatan mo mga magulang mo.

Asawa ka? Paalatan mo asawa mo.

Impluwensyahan natin yung mga malalapit na tao sa 'tin.

Alam mo kung ano ang magagawa ng impluwensya mo sa kanila?

Magagawa mong purihin nila ang Dios na nasa langit!

Be an Advocate of Truth

Maging advocate of truth tayo,

At huwag maging advocate ng masama.

Be Cautious

Wag tayong masanay ng tuloy ng tuloy;

Dahil baka may kapahamakang darating sa'tin

hindi natin mamalayan.

Mamuhunan sa Kabutihan

Ang kabutihan, pinamumuhunanan 'yan.

Not Wanting in Return

Huwag nating gawin yung mabuting alam natin,

just because we want something in return.

Prinsipyo Kristiano

Every opportunity to do good, we should grab it.

‘Yan dapat ang maging prinsipyo ng isang Kristiano.

Know Our Stand

Let us know our stand as a Christian.

And stand firm on it!

Ilaw at Asin

Magpakita ka ng mabuting ugali sa barkada mo, sa mga taga labas.

Ilaw tayo ng sanglibutan. Asin tayo!

Sapat ang Biblia, Magtanong Ka Lang

Sapat ang Biblia sa katotohanan.

Kung may tanong ka, magtanong ka lang kapatid.

Lahat ng dudang ipapasok n’yo, handa akong sagutin!

Don’t Stop from Doing Good

Let us not stop from doing good; from doing the word of God.

Huwag na huwag tayong papaapekto sa mga pumipigil sa’tin.

‘Pag tumigil tayo, sinong talo?

Sinong natutuwa?

Huwag Makipagkaibigan sa mga Pahiwalay

Huwag kayong magpatuloy sa
pakikipagkaibigan sa mga taong
puro paninira ang nasasabi;
puro mga pahiwalay sa pananampalataya.

Pagkampi ang Paghinto

Pagkampi sa masama ang paghinto sa paggawa ng mabuti.

Huwag Bira ng Bira

Kung di mo lubusang nauunawaan,
Huwag kang bira ng bira!

Maayos na Kristiano

Kapatid, bigyan naman natin ng karangalan si Kristo at ang Ama.
Panatilihan natin ang pagiging maayos na Kristiano.

Influential Ka Ba?

Ang Kristiano, hindi naiimpluwensyahan ng iba;
Kundi siya ang mag-iimpluwensya.

Depend in the Scriptures

Depend on the scriptures.
Abide in it.
If you want to be called a Christian.

Nagpapatuloy sa Aral

Ang alagad ni Kristo, nagpapatuloy sa aral.

Espiritu ng Magkakapatid

May espiritung nararamdaman pag nagkikita-kita ang mga magkakapatid.

Pag naramdaman mo ‘yung pakiramdam na ‘yun, ingatan mo.

Huwag kang papayag na mapalitan ng iba yang espiritu na yan.

Magkapareho ng Frequency

Kaya pumayag ang Dios na pumasok ang pangit;

Para makita ang maganda.

Kaya pinayagang makapasok

ang may mga hidwang pananampalataya;

Para magkakilakilala kung sino

ang mga tunay na magkakapareho ng Espiritu

‘Yung magkapareho ng *frequency*!

Happy to See You

Ang *joy* na nararamdaman ‘pag nagkikita-kita ang magkakapatid ay katunayang kapatid ka talaga!

Consider Time

Kung gusto nating makatapos ng maayos sa paglilingkod natin, *we have to consider time.*

God Expects From Us

Sa mga paglilingkod natin, meron tayong dapat magawa.

Bawat isa sa atin, merong nakatakda ang Dios sa atin na gawin.

God expects something from us.

He wants us to do things ordained to us to do.

Pinaka-Kritikal na Panahon

Ang mga huling araw, pinaka-kritikal na panahon sa paglilingkod sa Dios.

Paggawa ng Higit sa Nakasulat

Ang pagkukusa — paggawa ng higit sa nakasulat.

Hindi lahat ng bagay dapat nileletrahan.

May Duda Ka?

Kung meron kang duda, pumunta ka doon sa “isang” binigyan ng kaalaman.

A Race to Finish

God expects us to finish a course.

We have a race to finish.

Nakatakda na yung dapat nating takbuhin.

I-assess ang Pagtakbo

Takbo lang tayo.

Tapos, i-assess natin yung ginagawa nating pagtakbo:

Malapit ka na ba matapos?

Mabagal ba pagtakbo mo?

Matulin ka ba sa pagtakbo?

Asan ka na ba?

Tumatakbo ka pa ba o napapagod ka na?

Nagsasawa ka na ba?

Kahit na Pawisan

Dapat kahit pawis na pawis ka na, ok lang.

Basta takbo lang tayo!

Parang Basketball

Ang paglilingkod parang basketball; maraming pang-asar.

Tuloy lang kapatid, takbo lang! hinahanap sa atin ng Dios yan.

Run for a Cause

Let us run for a cause!

That is, for the cause of the Gospel of God!

Daan ng Kaligtasan

Hindi *very smooth* ang daan ng kaligtasan.

Hindi madaling makarating sa langit. Pero may paraan.

Marami kang masasalubong along the way, pero tuloy lang.

Kailangang takbuhin nating may pagtitiis ‘yung daan na iyon.

Do God’s Will

Let us be willing to do what God wants us to do.

Assess

Let us police our own ranks!

Tingnan natin ang mga sarili natin.

Baka naaabuso na natin ang ating mga tungkulin.

Grow Up!

Sa pagluwat mo sa Iglesia ng Dios, dapat it counts!

Dapat aalalay ka na sa mga bago. Dapat magtuturo ka na sa kanila.

Hindi yung hanggang ngayon ay ikaw pa rin ang inaalalayan!

Prisintado Alsado

Huwag mong isaksak ang sarili mo sa hindi dapat.

Things to Consider

Consider the time that you have to spend in serving God.

May *achievement* ka na ba?

Huwag Mong Itigil

Pag nakita mong nagbunga ng mabuti ang isang bagay, huwag mong itigil.

Pakikinig sa Sumbong

Kung may nagkasala sa'yong kapatid, 'wag kang makinig lang do'n sa nagsumbong.

Kanino ka makikinig?

Makinig ka kay Kristo!

Ano sabi ni Kristo?

Ang kapatid na nagkakasala ng di ikamamatay, ipanalangin mo.

May Space ka pa?

Nasa puso mo na ang napakaraming bagay (*bf/gf mo, asawa mo, mga mahal mo sa buhay, etc...*).

May *space* pa ba dyan ang salita ng Dios?

'Yun dapat pagsikapang nating ipunin sa puso.

Sacred Heart of Christians

The heart is a sacred thing for a Christian.

Not everything you see must be kept inside it.

Kaya hindi lahat ilalagay mo sa puso at isip mo.

There are more important things to be put there than gossip.

Huwag Paimbabaw

Pag gumagawa ka ng utos dahil lang sa kapaimbabawan, dahil sa may nakakakita, pakitang-tao lang – masama din yan!

Ang Gawang Mabuti, Tinatapos

Ang ‘mabuti’, sa tunay na kahulugan ng salita, ay yung gumaganap ng utos at tinatapos ang pagganap nito.

Pag natapos mo na ang pagsunod sa utos, do’n ka pa lang maituturing na mabuti.

(e.g.) Sa mag-asawa, para maitala kayong mabuti, hanggang sa katapusan magsama kayo – sa pagpapahinuhod, sa tungkulin, sa pag-ibig.

Gawin sa Pag-ibig ang Pagsunod

Nagiging mabuti ang paggawa natin ng utos ng Dios kung ginagawa natin ito ng walang kapaimbabawan.

Gawin natin sa pag-ibig ang pagsunod.

Kahit na utos yang ginagawa mo, pero may kapaimbabawan din, masama rin yan! Di rin yan maituturing na mabuti sa harapan ng Dios.

Maging Mapagpatuloy

Hindi pang isang taon lang ang paglilingkod – tuloy-tuloy yan!

Are we just going to serve God for 10 years? ...20 years?

Sabi sa Biblia, tuparin ang utos hanggang sa pagdating ng Panginoong Hesus.

Magtinginan Tayo

Sa tingin pa lang, maipapakita mo na ang pag-big mo sa kapatid.

Huwag Tutulog-tulog

Sino yung makukuha ni satanas?

Eh di yung tutulog-tulog sa pansitan!

‘Yung hindi *cautious*.

God Feels

‘Yung nararamdaman natin, nararamdaman din ‘yan ng Dios.

Kung tayo man ay nalulungkot, nararamdaman din ‘yan ng Dios.

Ang Pinakamahabang Utos sa mga Cristiano

Ang makapanatili hanggang wakas ay ang pinakamahabang utos.

Ang Cristiano, Music Lover

Ang isang taong maliligtas ay mahilig sa pag-awit.

Music lover!

Huwag Lumubog ang Araw Sa’yo

Hindi lumulubog ang araw sa Iglesia ng Dios.

Pero kung ikaw, pinapasok mo ang diablo sa’yo at lumaban ka na sa aral ...

lulubog na ang araw sa’yo.

Huwag Mayabang

Walang makukuhang mabuti sa kayabangan!

Kinakausap sa Awit

Kapag naiiyak ka sa mga awit na ukol sa espiritu,

Ibig sabihin kinakausap ka ng Dios.

Experience Hunger

To fast is to experience hunger. It makes us closer to God.

Flesh vs Spiritual Life

What your flesh can do,

In one way or another,

Can influence your spiritual life.

Bago Mo Magawa, Dapat Alam Mo

Ang bagay na hindi mo naitindihan, hindi mo magagawa.

Para magawa mo ang isang bagay, dapat alam mo kung ano ang ipinagagawa sa iyo.

Makiramdam

Dapat pakiramdam pa lang, alam mo na kung ano ang masama.

Hindi Madaldal

Mas mabuting magtiwala ka sa mga taong hindi madaldal.

Tapat na Kaibigan

Yung may diwang tapat, nagtatakip yun hindi naninirang puri. Hindi naghihiwalay ng kaibigang matalik.

Laging Gumawa ng Mabuti

Gumawa tayo ng mabuti, every second, every minute, every hour.

Kahit ano pa ang sabihin nila!

Ano ba'ng Masama?

Gusto mong malaman kung ano ang masama?

Baliktarin mo lang lahat ng mabuti, yun na ang masama!

In God We Should Trust

Wala tayong taong dapat paglagakan ng tiwala pagdating sa salita ng Dios.

Dapat sa Dios tayo magtiwala!

What we need is the infallible word of God, not anybody else.